**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 16, 191-202




# Hamon at ginhawa ng isang ina: Sipat-suri sa akdang sa Likod ng Landas ng Bahaghari ni Benjamin Pascual

Diola, Jerica O. ✉
*Leyte Normal University, Philippines (jericadiola2003@gmail.com)*
Acala, Michell T.
*Leyte Normal University, Philippines (michellet_acala@lnu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 25 September 2024 **Revised**: 5 November 2024 **Accepted**: 8 November 2024
**Available Online**: 8 November 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24842

***Abstract***

Literature serves as a reflection of diverse life experiences, values, beliefs, and cultures within specific communities. Through various literary forms, awareness of societal problems becomes evident. In the context of a Filipino family, a mother symbolizes hope and light. The strength of families often lies in how mothers embrace their responsibilities. This qualitative study employs a content analysis approach to interpret the short story "Landas ng Bahaghari," written by Benjamin Pascual. The study aims to analyze the qualities of a mother within the framework of a Filipino family and to explore the societal issues depicted in the narrative. The researcher utilizes literary theories—realism, feminism, and imagism—to examine how the story reflects the life of a mother and the associated social challenges. The findings reveal that "Landas ng Bahaghari" illustrates the themes of endless love, sacrifice, and a mother's readiness to fight for her rights on behalf of her child. The narrative highlights a mother with multiple facets that profoundly shape her character. Based on the analysis, it is recommended that Filipino society recognize and honor the vital role of mothers as beacons of hope within families.

***Keywords:*** feminism, mother, social issue, qualities, literary theory

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Hamon at ginhawa ng isang ina: Sipat-suri sa akdang sa Likod ng Landas ng Bahaghari ni Benjamin Pascual

## 1. Introduksyon

Ang pagmamahal ng isang ina ay hindi mapapantayan at hindi rin mahahalintulad sa anumang bagay, handang magsakripisyo ang isang ina para sa kanyang anak. Dahil ang isang Ina ay wagas kung magmahal, walang kundisyon, at walang hangganan. Ang isang ina ay handang pasanin ang mga iba't ibang diskriminasyon, pang- aabuso, kawalang ng hustisya sa karahasang sekswal at kawalan ng karapatan bilang isang magulang. Ito lamang ay patibay na handang isugal ang buhay ng isang ina para sa kanyang minamahal na anak. Sa likod ng pang-aabuso, at kawalan ng karapatan, hindi tinalikuran kailanman ang kanyang anak. Kaya naman, hanggat mayroong karapatan ay kinakailangan na ipaglaban, dahil walang sinuman ang makapapantay sa kayang ibigay o isakripisyo ng isang ina para sa kanyang supling. Ang pagsusuring ito ay nakatuon sa maikling kuwento ng pagmamahal at naghahangad ng kaginhawaan ng isang mag-ina na makikita sa akda ni Benjamin Pascual na may pinamagatang "Landas ng Bahaghari". Si Benjamin P. Pascual ay isang nobelistang at ipinanganak sa lungsod ng Laoag, Ilocos Norte. Marami na siyang naisulat na maikling kuwento sa wikang Ilokano at nakasulat na rin ng dalawang nobela sa wikang ito. Ang layunin ng may akda ay maipakita ang realidad at mamulat ang mga tao sa tunay na pangyayari sa lipunan at mundong ating ginagalawan, ang kawalang ng hustisya at epekto ng mapanghusgang isipan ng tao. Si Benjamin Pascual ay nakatanggap ng paranggal ng Palanca Memorial Awards for Literature noong 1965 para sa kanyang Landas ng Bahaghari at noong 1981 para sa Di Ko Masilip ang Langit. Ang nobelang Utos ng Hari ay nagwagi sa Grand Prize ng Cultural Center of the Philippine sin 1975. Matapos ang mga dekada ng taimtim na pagsulat, ni Benjamin Pascual. Talamak ang karahasan at panggagahasa sa mga walang kamuwangmuwang dito sa buong mundo.

Ayon kay Pascual (1), ang karahasan sa kababaihan ay isang malaking isyu na tila ayaw mawala sa ating lipunan. Hanggang ngayon, kahit pa moderno na ang panahon, marami pa ring mga babae ang nakakaranas ng pananakit mula sa kanilang mga asawa o domestic partners, at mas dumadami din ang biktima ng rape. Ang karahasang sekswal ay anumang hindi kanais-nais o hindi inaasahang sekswal na atensiyon na lumilikha, nakasisisindak, na nakapagdudulot ng pakiramdam na may panganib. Iba't iba ang anyo at legal na katawagan at kahulugan ng pangaabusong sekswal sa kulungan, sa loob at pagitan ng bawat bansa, at maging sa bawat rehiyon. Ang panggagahasa at iba pang uri ng pang-aabusong sekswal sa mga tahanan, komunidad, o kulungan, ay may seryosong emosyonal at pisikal na epekto sa mga biktima. Bagaman natatangi ang karanasan ng bawat indibidwal, may mga karaniwang reaksyon na makikita sa kanila gaya ng takot, kahihiyan, galit, pagkabalisa, mga bangungot at pagbabalik sa alaala ng natapos nang pangyayari (flashbacks). Sa pag-aaral ni Gascon (1), ang karapatang pantao ay mga binuong pamantayan kung saan tinatawag ang lipunan na respetuhin at sundin. Ang mga ito rin ay resulta mula sa karanasan ng hirap at pagpapasakit sa kasaysayan. Mahalagang malaman natin ang ating karapatan upang matamasa natin ang mga pangunahing pangangailangan natin bilang tao. Sinumang umagaw sa ating mga pangangailangan o kumitil sa ating buhay ngang walang dahilan ay lumabag sa ating karapatan bilang tao. Halos lahat ng mga pandaigdig na instrumento sa karapatang pantao ay naglalaman ng mga probisyon na direktang may kaugnayan sa mga kalayaang pampubliko, at lahat ay sumangguni sa prinsipyo ng walang diskriminasyon. Pinatutunayan ni Miguel (1), isang mag-aaral ng UP Diliman na nagsagawa ng dokumentaryo na nagsasabi na;

> *"Ang kababaihan ay tunay na nakararanas ng matinding kahirapan. Sila ay hindi ganap na malaya sa kadahilanang hindi nila nakakamit nang sapat ang mga pangunahing pangangailangan at serbisyo ng estado".*

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang panunuring pampanitikan, mga guro sa panitikan, nagpapakadalubhasa sa panitikan, at maging sa mga mamayang Pilipino at mga dakilang

ina. Ang magiging resulta ng pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa pagbubukas ng kamalayan ng bawat isa hinggil sa nilalaman ng sinuring akda. Ang pagsusuring ito ay makatutulong din na mapaunlad at mapalawak ang kaalaman sa Panitikang Filipino. Sa pag-aaral na ito bibigyang-tuon ang pagtukoy sa isyung panlipunan na nakapaloob sa akda ni Benjamin Pascual na pinamagatang Landas ng Bahaghari, ito ay nagpapakita imahen ng isang ina sa lipunang Pilipino, kawalan ng Karapatan bilang isang ina, at kawalan ng hustisya sa karahasang sekswal. Dito ay nakapaloob ang kinakaharap ng isang ina na gustong makamit ang ginhawa sa gitna ng mga hamon na kinakaharap niya.

***Layunin -*** Ang kuwentong Landas ng Bahaghari ay kakikitaan ng pagsulong ng karapatan bilang isang ina at kawalan ng hustisya sa pang-aabusong sekswal. Tinitiyak na matalakay sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod na layunin: Isyung panlipunan sa akda pang-aabusong sekswal, diskriminasyon, at isyung karapatang pantao, at Imahen ng isang Ina sa lipunang Pilipino.

***Kaligirang Teoretikal -*** Ang pagsusuring ito ay nakaangkla sa paniniwala ng mga teoryang realism, feminismo at imahismo. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito, mabibigyang-tugon ang isyung panlipunan sa akda partikular ang pangaabusong sekswal, diskriminasyon, at isyung karapatang pantao at masisipat ang Imahen ng isang ina sa lipunang Pilipino. Ayon kay Altarez (1), ang teoryang realismo ay karaniwang pinapaksa rito ay ang mga nangyayari sa totoong buhay tulad ng kurapsyon, katiwalian, kahirapan at diskriminasyon na nakakaapekto sa lipunan. Ipinaglalaban ng teoryang realismo ang katotohanan kaysa kagandahan dahil mas nagpopokus ang teorayang ito sa mga makatotohanang pangyayari sa ating lipunan maging sa mga problema o suliranin at isyung kinakaharap ng bawat mamamayan.

Gamit ang teoryang realismo, bibigyang-diin ng manunuri ang mga elementong nakapaloob sa akda na nagpapakita ng kalayaan ng isang indibidwal sa paggawa ng mga desisyon at ang kanyang pagsusumikap na malampasan ang mga hamon tungo sa inaasam-asam na ginhawa. Sa pamamagitan ng teoryang ito, malinaw na makikita ang mga suliraning hinaharap ng mga tauhan na, sa kabila ng paglipas ng panahon, ay nananatili pa ring bahagi ng ating kasalukuyang realidad. Ilang halimbawa nito ay ang pang-aabusong sekswal at diskriminasyon, mga isyung lipunan na patuloy na umiiral hanggang sa ngayon. Samantala, ang teoryang feminismo ay gagamitin upang suriin ang isyu ng karapatang pantao, lalo na sa konteksto ng pagkakapantay-pantay ng mga kasarian. Ang teoryang ito ay nakatuon sa paniniwala na dapat maging pantay ang mga kalalakihan at kababaihan sa kanilang karapatang sosyal, ekonomiko, at politikal. Bilang isang teoryang pampanitikan, layunin nito ang masusing pagsusuri sa hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian at ang epekto nito sa lipunan. Sa unang dalawang dekada ng ika-20 siglo, lumaganap ang kilusang Imahismo sa larangan ng panulaan sa Estados Unidos at Inglatera. Ang teoryang Imahismo ay naglalayong mailahad ang isang paksa nang walang pagkiling, na nagbibigay-diin sa kalayaan sa pagpili ng mga imaheng maikikintal sa isipan ng mambabasa. Ang teoryang ito ay magsisilbing gabay sa pagsusuri ng imahe ng isang ina sa lipunang Pilipino, na nakapaloob sa isang kuwento ni Benjamin Pascual. Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na ito na maging daan upang mabatid ang mga karaniwang suliraning kinakaharap ng isang ina sa kabila ng mga hamon at sakripisyo, na sa huli ay nagtutulak sa kanya upang makamit ang kanyang mithing ginhawa at kapayapaan.

***Kahalagahan ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang panunuring pampanitikan, mga guro sa panitikan, nagpapakadalubhasa sa panitikan, at maging sa mga mamayang Pilipino at mga dakilang ina. Makatutulong ang magiging resulta ng pag-aaral na ito para sa gabay at pagbubukas ng kamalayan ng bawat isa hinggil sa nilalaman ng sinuring akda. Ang pagsusuring ito ay makatutulong din na mapaunlad at mapalawak ang kaalaman sa Panitikang Filipino.

***Saklaw at Limitasyon -*** Saklaw ng pag-aaral na ito ang kakikitaan ng pagsulong ng karapatan bilang isang ina at kawalan ng hustisya sa pang-aabusong sekswal na nakapaloob sa maikling kuwentong “Landas ng Bahaghari” na isinulat ni Benjamin Pascual. Nililimitahan ang pag-aaral na ito sa pag-alam ng pangaabusong sekswal, diskriminasyon at isyung karapatang pantao na nakapaloob sa isyung panlipunang sa akda, at ang imahen ng isang ina sa lipunang Pilipino.

***Kahulugan ng mga Talakay***

*Diskriminasyon*. Ito ay tumutukoy sa pagdidiskrimina sa isang tao. Panlabas na anyo, at pang-aabuso ng dahil sa kakulangan sa kaalaman sa kanyang lipunan.

*Imahen ng isang Ina sa lipunang Pilipino*. Ito ay tumutukoy sa paglalarawan ng isang ina na makikitaan ng pangyayari sa nakapaloob sa akda. Pagsulyap ng kabuuang imahe ng isang indibidwal na makikita sa akdang sinusuri.

*Isyung karapatang pantao*. Ito ay tumutukoy sa pampublikong suliranin. Ipinagkakait ang karapatan at kalayaan bilang isang tao.

*Isyung panlipunan sa akda*. Ito ay tumutukoy sa suliranin ng kabuuan hindi lang sa lipunan na ginagalawan. Kaugnay ito ang pang-aabuso, diskriminasyon, kawalan ng hustisya at kawalan ng karapatan.

*Pang-aabusong Sekswal*. Ito ay kakikitaan pang-aabuso, kawalan ng hustisya na makikita sa isyung panlipunan na nakapaloob sa akdang sinusuri.

***Paraan ng Pagsusuri -*** Ang pagsusuring ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral na gagamit ng content analysis upang matugunan ang layunin ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, susuriin ang isyung panlipunan sa akda kagaya ng pang-aabusong sekswal, diskriminasyon, isyung karapatang pantao at ang imahen ng isang Ina sa lipunang Pilipino.

## 2. Metodolohiya

Nakapaloob sa bahaging ito ang resulta ng isinagawang pagsusuri sa akda ni Benjamin Pascual na pinamagatang Landas ng Bahaghari.

***Isyung Panlipunan -*** Sa ating pangaraw-araw na pamumuhay, walang tigil na bumabalot sa atin ang mga isyung panlipunan. Bawat araw ay isang pagsilay sa hamon ng lipunan na tila ba kailanman hindi nawawala. Ang isyung panlipunan ay naglalarawan sa iba't ibang suliranin na may usaping may kaugnayan sa lipunan o sa mga tao at kung paano nakakaapekto ang mga ito sa buhay ng mga mamamayan.

***Pang-aabusong Sekswal -*** Ang pang-aabusong sekswal sa istoryang ito ay tungkol sa isang sistematikong paglabag sa dignidad, karapatan, at integridad ng isang tao. Makikita sa talahanayan ang pang-aabusong sekswal na nakapaloob sa akda:

**Talahanayan 1.1**
Pang-aabusong Sekswal

| Pang-aabusong Sekswal | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Panggagahasa | Pwersahang isinagawa ang pakikipagtalik sa ibang tao nang labag sa kanyang kagustuhan. |
| Panghihipo | Ang panghihipo na isinagawa nang walang pahintulot o consent ng isa pang tao ay maituturing na hindi respeto sa kanyang Karapatan at maaaring maging bahagi ng pangaabusong sekswal. |

**Panggagahasa.** Isang nakakapanlumo at masamang reyalidad sa ating lipunan ang panggagahasa. Ito ay isang malupit na anyo ng pang-aabusong sekswal kung saan ang isang tao ay pwersahang makikipagtalik o pag-atake kahit labag sa kalooban. Sa kabila ng kahirapan at mga pinagdadaanan sa buhay, ipinapakita sa akda ng Landas ng Bahaghari na karamihan sa nakakaranas nito ay ang mga kababaihan na walang anumang laban base sa istado ng buhay. Sa maikling kwento ipinapakita dito na sa bawat pag-atake na nagaganap, tila ba may kasamang pag-atake din sa sistema ng katarungan. Dahil sa takot at panghuhusga ng lipunan, nawawalan ng boses ang karamihan. Ang konseptong ito ay may kaugnayan sa isang pahayag ng tauhan na si Chua:

> *"Dadalawang kataga ang binibigkas ni Chua habang ipinapasok ang sarili sa kulambo: "Huwak ka ingay, Salud! Huwak ka ingay!"*

Ang panggagahasa ay maaaring mangyari kahit saan, sa mga kalye, sa mga kotse, sa mga paaralan, sa mga parke, at sa mga alley. Ang rapist ay walang pagsasaalang-alang sa edad, lahi, o katayuan sa lipunan. Ang panggagahasa ay isang krimen na hindi pumipili ng tao. Sa karamihan ng mga kaso, random. Gayunpaman, ang kaligtasan ay dapat magsimula sa bawat indibidwal, Agcaoili (1). Ito rin ay maiuugnay sa pag-aaral ni Pascual (1), na ang karahasan sa kababaihan ay isang malaking isyu na tila ayaw mawala sa lipunan, at hindi kanais-nais o hindi inaasahang sekswal na atensiyon na lumilikha, nakasisisindak, at nakapagdudulot ng pakiramdam na may panganib. Ito rin ay maiiugnay sa teoryang ginamit na realismo na kung saan nagpapakita ng katotohanan na pangyayari sa realidad. Hindi mapagkakaila na ang panggagahasa ay talamak pa rin sa ating lipunan, kung kayat may iilan na kababaihan na danas ang pangyayari na ito sa tunay na realidad.

Sa kabuuan, ang panggagahasa ay isang masalimuot at marahas na krimen na naglalagay ng malubhang pinsala sa biktima at sa lipunan. Ang kawalan ng hustisiya ay siyang nagbibigay daan sa mas maraming paghihirap ng mga biktima, at nagpapakita ng mga kakulangan sa ating sistema ng katarungan. Hindi Lugod sa ating kaalaman na ang panggagahasa sa mga kababaihan ay isang nakababahalang isyu na nagtutok hindi lamang sa pisikal na pinsala kundi pati na rin sa emosyonal at mental na kapakanan ng mga biktima. Sa pagkilos ng sama-sama, maaaring mapanatili ang isang lipunang nagbibigay halaga sa dignidad at karapatan ng bawat isa.

**Panghihipo.** Sa ilalim ng mga batas at karampatang regulasyon, ang panghihipo nang walang pahintulot o laban sa kagustuhan ng isa pang tao ay maaaring maging isang uri ng pang-aabusong sekswal, at maaaring may mga legal na konsekuwensya ito. Karapatan ng bawat tao na mabuhay ng may dignidad at respeto. Mababanaag sa akdang Landas ng Bahaghari ang pagkakaroon ng isang panghihipo na walang pahintulot, kawalan ng kamalayan ng isang tauhan sa pangayayari, at walang naisagawang kilos sa pangyayari. Ang konseptong ito ay may kaugnayan sa pahayag ng akdang Landas ng Bahaghari:

> *Ginawa na naman ni Chua sa kanya ang minsa'y ginawa na nito: "hinipo siya sa kamay." sa kamay niya'y lumapat ang palad ni Chua, lumapat lamang pagnanasa, manapa'y pagpaparamdam lamang ng niloloob nito sa sandaling yong sila'y nag-iisa sa dilim.*

Ayon kay Tulfo (1), ang panghihipo ng isang tao na walang pahintulot na kung saan ang intensiyon ay kabastusan gaya ng paghawak sa maseselang bahagi ng katawan tulad ng dibdib o puwitan. Maihahalintulad din ito sa teoryang realismo na kung saan nagpapakita ng pawing katotohanang lamang sa ating lipunan, at hindi mapagkakaila na talamak pa rin ang panghihipo sa ating realidad. Sa kabuuang saklaw ang isang panghihipo ay isang uri ng hindi kanaisnais na pag-uugali na naglalaman ng hindi inaasahang pisikal na pagsusustento o paggalang sa katawan ng ibang tao, lalo na kung ito ay ginagawa nang walang pahintulot o hindi kapani-paniwala ang layunin. Ito ay isang anyo ng pang-aabuso na dapat labanan at pigilan sa lahat ng antas ng lipunan.

### 3. Diskriminasyon

Ang diskriminasyon ay isang pang-aaping ugali na nagdudulot ng dimakatarungan at hindi pagkakapantay-pantay, isa rin sa seryosong isyu na bumabalot sa iba't ibang aspekto ng lipunan. Makikita sa talahanayan ang diskriminasyon na nakapaloob sa akda:

**Talahanayan 1.2**
*Diskriminasyon*

| Diskriminasyon | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Estado sa Buhay | Naglalaman ng mga hindi patas na pagtrato o pagtingin sa estado ng buhay ng isang tao. |
| Pagpipintas sa Itsura | Isang anyo ng diskriminasyon kung saan ang isang tao ay tinatangi o tinatrato ng hindi makatarungan batay sa kanyang panlabas na anyo o itsura. |

**Estado sa Buhay.** Ang pagdidiskrimina ng ng estado ng buhay ay naglalantad ng mga hindi patas na pagtingin at pagtrato sa mga tao batay sa kanilang antas sa lipunan, estado ng kagalingan, o iba pang mga paktor. Sa akdang ito makikita ang hindi pagkakapantay-pantay sa estado ng buhay, at ang pagdidiskrima na buhay ng

tao. Makikita rin sa akdang Landas ng Bahaghari ang iba't ibang aspekto ng karanasan, kasamana ang kalagayan sa trabaho, edukasyon, kalusugan, pamilya, at iba pang bahagi ng buhay ng isang tao. Ang konspetong ito ay may kaugnayan sa pahayag ng may akda sa maikling kuwento ng Landas ng Bahaghari:

> *"Iyon ang isang bagay na hindi niya maunawaan kay Chua: kung siya'y gusto nito. Bakit siya ang napili ni Chua? Bakit hindi babae, ibang tindera, o bakit hindi dalagang Tsina? Ni hindi siya makapag- aral, at alam ni chua iyon pagkat kung siya'y nakaabot ng mataas na pinag-aralan ay hindi siya tindera sa tindahang iyon."*

Ang lipunang ginagalawan sa kuwento ay kakikitaan ng estado sa buhay na problema rin sa lipunan. Ayon sa pananaliksik ni Oxide (2), Iba-iba ang dahilan ng pagdami ng mga mahihirap, isa na ito ang kakulangan ng trabaho para sa mga mamamayan. Ang iba ay hirap sa paghahanap ng trabaho ang karamihan dahil sa kakulangan sa sapat na edukasyon, at ang edukasyon ang magsisilbing daan upang ang bawat mamamayan ay maging produktibo at maunlad sa kanilang pamumuhay. Maiuugma dito ang teoryang realismo na kakikitaan ng tunay na pangyayari o karanasan sa realidad o lipunan. Dahil ang pagkakaroon ng hindi pantay sa estado ng buhay ay masasalamin pa rin sa tunay na buhay, dahil karamihan sa mga mamamayan sa lipunan ay lubos paghihirap dahil sa kawalan ng hindi sapat na trabaho, at walang pinag-aralan o hindi manlang nakapagtapos sa pag-aaral.

Sa paglalapat ng kabuuan, hindi natin mapagkakaila na tunay nga mahirap ang estado ng buhay, may mahirap at may mayaman. Sa ganitong kalagayan, maaaring maging batayan ng estado sa buhay ang pagkakaroon ng edukasyon. Ang estado ng buhay sa lipunan ay isang malalim at komprehensibong larawan ng karanasan ng isang tao sa kanyang pang arawaraw na ugnayan sa kapwa at lipunan. Pumapasok din dito ang diskriminasyon dahil sa kawalan ng pagkakapantay-pantay sa lipunan ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa estado ng buhay ng isang tao.

**Pagpipintas sa Itsura.** Sa mundo ngayon, ang pagtingin sa itsura ng ibang tao ay nagiging isang seryusong isyu. Ang mga taong naaapektuhan ng pagpipintas sa itsura ay maaaring magkaruon ng masamang epekto sa kanilang mental at emosyonal na kalusugan. Sa akdang ito pinapatunayan lamang na ang lipunan ay masyadong nababalot sa mga pamantayan ng kagandahan, na kadalasang nagbubunga ng mga hindi makatarungang opinyon. Ang pagpipintas ng itsura ay kalalabasan ng kawalan ng respeto sa kapwa tao. Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng positibong pananaw sa katawan at itsura, at ang pangangailangan ng pagbabago sa kaisipang nagbubunga ng diskriminasyon batay sa anyo. Makikita sa maikling kuwento na ito na may pahayag ng akda na magpapatunay sa pamimintas ng itsura:

> *"Hindi siya maaaring tawaging maganda. Pandak siya, hindi maitim ngunit hindi naman masasabing maputi, walang hubog ang katawang unti-unti nang pinapangit ng kumakalat niyang taba, malalaki ang binti, mababa na ang malalaking dibdib, at walang maituturong ganda sa mukha. Ang kamay niya'y malalaki at makakapal."*

Ang pangmamaliit sa itsura ay isang masalimuot na isyu na kinasasangkutan ng hindi makatarungang pagtrato o panghuhusga batay sa panlabas na anyo ng isang tao. Ayon nga sa pag-aaral ni Bayanid (1), maraming tao ang biktima ng suliraning ito, ngunit ang karamihan ay patuloy pa din sa hindi pagtrato ng pantay sa mga tao, patuloy pa din sa pagbibigay ng mga negatibong paglalarawan sa pisikal na anyo ng mga tao, pinagtatawanan ang kakaiba nilang kulay, ang kanilang relihiyong kinabibilangan at estado sa buhay. Maiaangkla rin ito sa teoryang realismo na kung saan pakikitaan sa tunay na mundo. Ang pangungutya ng itsura sa tao, ay masasalamin sa tunay na realidad. Sa kabila ng modernisasyon at pag-unlad ng ating lipunan, hindi pa rin natin napagtutuunan nang sapat na pansin ang isang seryusong isyu na patuloy na bumabagabag sa maraming sector ng ating lipunan – ang pangmamaliit sa itsura. Sa mundong puno ng mga pamantayan ng kagandahan at umuusbong na kultura ng perspektsyon, mas lumalala ang suliranin ng pangmamaliit sa itsura. Ang pagpipintas sa itsura ay isang isyu na nangangailangan ng pag-unawa, edukasyon, at pagbabago sa kultura upang magkaruon ng mas malusog, respetado, at magandang lipunan para sa lahat.

### *3.1 Isyung Karapatang Pantao*

Sa isang lipunan na puno ng kahalagahan sa dignidad at karapatang pantao, hindi maitatanggi na maraming suliraning kinakaharap ang mga tao sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang mga Karapatang Pantao ay mga pagpapahalaga, mga prinsipyo, at mga paniniwala na bumubuo sa batayan ng lipunan, komunidad, at mga sistema na nagsisiguro na ang lahat ng mga tao ay tatratuhin nang pantay-pantay. Ang karapatang pantao, isang pundamental na prinsipyo na nagbibigay proteksyon at paggalang sa bawat isa, at nagiging sentro ng mga usapin ukol sa katarungan at kapayapaan. Ang lahat ng mga karapatang pantao ay pantay-pantay na mahalaga at hindi isang pribilehiyo na maaaring alisin ng sinuman. Ang mga karapatang pantao ay hindi gantimpala para sa mabuting asal; pag-aari natin sila dahil lamang tayo ay isinilang. Makikita sa talahanayan ang Isyung karapatang pantao na nakapaloob sa akda:

**Talahanayan 1.3**
*Isyung Karapatang Pantao*

| Isyung Karapatang Pantao | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Karapatan sa Anak | Ang Karapatan sa anak ay isang pundamental na aspekto ng karaoatang pantao na naglalaman ng mga pribiliheyo at proteksyon para sa mga kabataan |
| Karapatan Bilang Isang Ina | Ang Karapatan bilang isang ina ay isang seryusong aspekto ng karapatang pantao na naglalayon na tiya- kin ang kaligtasan, dignidad, at kakayahan na magampanan ng maayos ang kanyang papel bilang ina, |

**Karapatan sa Anak.** Sa paglalantad ng mga karapatan ng bawat bata, isang masusing pagtalima at pangangalaga ang kinakailangan upang mapanatili ang kanilang integridad. Sa maikling kuwentong ito matutunghayan ang kawalan ng karapatan sa anak. Sa pagtutok ng karapatan sa anak ay nagbibigay diin sa pag-unawa at paggalang sa dignidad ng bawat batang tao, at naglalayong bigyang halaga ang kanilang potensyal para sa hinharap. Sa kuwentong Landas ng Bahaghari masasalamin dito na ang isang ina ay may karapatan na itaguyod at protektahan ang buhay ng kanyang anak. Kasama dito ang karapatan sa kaligtasan at tamang pangangalaga mula sa oras ng panganganak hanggang sa pagtanda ng kanyang anak.

Ang konseptong ito ay may kaugnayan sa isang pahayag ng tauhan sa Landas ng Bahaghari na si Salud:

> *"Mag-aaral siya, oo, dili ako magrereklamo, piro bakit magatira si Lita kay sya nana'yan? Tumingin si Chua sa kanyang mukha na kasasalaminan ng kanyang windang na dibdib, at Nakita roon ang kanyang pagkaina. "Puwede naman ikaw dalaw sa Lita. Dalaw mo si Lita isa beses isa linggo"*

Ayon sa pag-aaral ni Cheetah (8), ang sapat na atensyon, pagmamahal, panahon at paggabay sa kanilang mga anak ang pinakamahalaga sa lahat, ina ang nagsisilbing sandalan kahit sa anumang pagsubok ang dadaanan, magtitiis kahit nahihirapan man, hanggat kaya, gagawin ang lahat ng isang ina para sa anak. Hindi natin mapagkakaila na ang ganitong isyu sa ating lipunan ay kakikitaan pa rin sa ating tunay na realidad. Kung kayat, maiiugnay ito sa teoryang realismo. Sa pangkalahatan, mahalaga ang pagbibigay ng proteksyon at pagrespeto sa karapatan ng ina sa kanyang anak. Ang mga sistema ng batas at lipunan ay dapat magtaguyod ng mga mekanismo na nagtutok sa kapakanan ng pamilya at nagbibigay daan para sa maayos na pagpapasya ukol sa mga usaping pang- pamilya.

**Karapatan bilang isang Ina.** Ang mga karapatan na ito ay naglalayon na mapanatili ang dignidad at integridad ng isang ina, pati na rin ang kanyang kakayahan na magsilbing mabuting tagapamahala at tagapagtaguyod ng kanyang pamilya lalong lalo na sa anak. Masasalamin sa akdang Landas ng Bahaghari ang

kawalan ng karapatan bilang isang ina sa kaniyang mismong anak.

Sa akdang ito nilalayon na malaman at kakikitaan ng katotohanan na isang problema sa ating lipunan ang ganitong isyu na kinakaharap ng karamihan. Sa konspetong ito ay may kaugnayan sa naging pahayag ng isang tauhan sa Landas ng Bahaghari na kung saan nagpapatunay na isa itong kakikitaan ng isyung panlipunan:

> *"Ang dugo ng aking dugo, dadalawin ko na lamang? Magiging bisita na lamang ako ng aking anak, na sa katagalan, sa kalaunan ay maaaring ipagtanong niya kung sino? Akon na kanyang Ina? Maaaring kalahati niya'y Instik ngunit ang kalahati niya'y Pilipino, at ang kanyang pagka-Pilipino at pagka-Instik ay kapwa anak ko. Ina ako ng kanyang bahaging Pilipino at bahaging Instik!*

Sa pag-aaruga at pagpapalaki ng mga anak, mahalaga na nariyan ang mga magulang bilang kanilang gabay. Ayon nga sa pag-aaral ni Tisya (1), kapag ang mga magulang ng bata ay hindi kasal, ang sole parental authority ay nasa nanay o Ina, at ang tatay ay may karapatang bumisita. Hindi maaaring tanggalan ng kustodiya ang nanay kung hindi mapapatunayan na siya ay "unfit" o walang kakayahang alagaan at palakihin ang kanyang anak, lalong lalo na kung wala namang dahilan upang mawalan ng karapatan ang Ina na alagaan ang kanyang anak ay awtomatiko itong mapupunta sa kanya. Sa ganitong isyu na kinakaharap, maiaangkla ang teoryang femenismo sa ganitong uri ng isyung panlipunan, dahil ang teoryang feminismo ay nagpapakita ng pagsulong ng karapatan para sa mga kababaihan.

Ang ina ay tanglaw natin sa ating buhay, ang Ina ay siyang gumagabay sa mga anak, at nagtuturo ng mga magagandang asal. Ang karapatan ng ina sa kanyang anak ay itinuturing na isang mahalagang bahagi ng pamilya at lipunan. Ang isang ina ay may karapatan na magkaruon ng sariling desisyon para sa kanyang anak, lalo na sa mga bagay na may kinalaman sa kalusugan, edukasyon, at kinabukasan nito.

### *3.2 Imahen ng isang Ina sa lipunang Pilipino*

Maraming imahen ng isang ina ang makikita sa lipunang Pilipino batay sa kanilang mga gampanin, kakayahan, maging sa kanilang responsibilidad sa pamilya. Gamit ang teoryang Imahismo, sinipat ng manunuri kung ano ang mga imahen ang nakapaloob sa akda sa magiging replektibo sa lipunang Pilipino. Makikita sa talahanayan ang mga imahen ng isang Ina sa lipunang Pilipino na nakapaloob sa akda.

**Talahanayan 2**
*Imahen ng Isang Ina sa Lipunang Pilipino*

| Imahen ng Isang Ina | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Matapang | Sa lahat ng hamon sa buhay, handa siyang harapin ito na walang inuurungang laban. |
| Mapagmahal na Ina | Ang Ina ay siyang labis na mapagmahal sa mga anak, handang magsakripisyo, at dedikasyon ng isang Ina para sa kanyang mga anak. |
| Masipag | Ang Ina ang ilaw ng tahanan, siya ang nagsisilbing katuwang ng kanyang mga anak, lahat ay gagawin para sa ikabubuti ng anak. |

**Matapang.** Ang mga ina ay madalas na nahaharap sa iba't ibang pagsubok sa buhay, at ang kanilang katapangan ay masusukat sa kanilang kakayahan na harapin at lampasan ang mga ito. Hindi man madali ang pagiging isang ina, ngunit handa naman gawin ang lahat para sa kanyang anak. Isa sa mga imahen ng isang ina sa lipunang Pilipino ang pagiging matapang. Sa akdang Landas ng Bahaghari, makikita ang katapangan ng isang ina

para lang mahagkan ang kanyang anak. Nagpakita ng katapangan ng isang ina, hinarap ang mga hamon na bagamat imposible na malagpasan dahil sa estado ng kanyang buhay. Ang katapangan ng isang ina ay maaaring lumitaw sa iba't ibang mga pagkakataon at aspekto ng kanyang buhay. Ito ay nagmumula sa kanyang pagmamahal, pag-aalaga, at paglilingkod sa kanyang pamilya at sa anak. Ang pagsusumikap at hindi pagtatangi sa pagtahak sa landas ng pagiging ina kahit na may mga pagsubok ay isang mahalagang bahagi ng katapangan.

Sa konseptong ito ay may kaugnayan sa pahayag ng akda sa maikling kuwento ng Landas ng Bahaghari:

> *"Ang nakikita niya'y hindi bahagi ng kanyang laman at dugo kundi isang tau-tauhan, isang murang kawayan. Nayakap niya nang mahigpit ang bata at siya'y napaiyak. Tapos na ang kanyang pagkaina; tapos na ang kanyang pagkaasawa. Siya sa ikalawang pagkakataon, ay isa na namang alipin sa tindahang iyon."*

Sa panahong ito kinakailangan na maging matatag tayo sa anumang sitwasyon na ibinibay ng mundo. Ayon sa pananaliksik ni Jacky (2), hindi matatawaran ang naging sakripisyo ng mga magulang sa kanilang mga anak, handa nilang gawin ang lahat para lang sa kanilang mga anak kahit pa itoy buhay ang nakasalalay. Gamit ang teoryang imahismo, sinipat nang mabuti ng manunuri ang mga katangian ng isang ina na replektibo sa akda ni Benjamin Pascual na Landas ng Bahaghari. Sa paggamit ng salitang ito, lumitaw sa akda na ang Ina ay matapang at taglay niya ang katangiang ito hanggang sa wakas ng kuwento. Sa kabila ng mga pagsubok at unos, patuloy na naglalakbay ang ina sa landas ng kanyang tapang. Ang bawat hakbang ay tila isang pag-akyat sa bundok ng kahirapan, ngunit walang pag-aalinlangan at puno ng pag-asa. Sa kanyang mga mata, makikita ang ningning ng pagmamahal at dedikasyon sa anak. Sa pangkalahatan, lugod sa ating kaalaman na tunay nga na ang isang matapang na ina, ay nagpapatuloy siyang maging halimbawa ng matibay na paninindigan at kahusayan sa gitna ng kahinaan. Sa kanyang pagtatagumpay, hindi siya nabigo na makasama ulit ang kanyang anak na labis ang kanyang sakripisyo sa kanya. Ang matapang na ina, sa kanyang pag-iral, ay nagtataglay ng lihim ng tunay na tagumpay sa buhay – ang pag-ibig na laging nananaig sa anumang pagsubok.

**Mapagmahal na Ina.** Ang pagmamahal ng isang ina ay isang napakahalagang bahagi ng buhay ng bawat anak. Sa bawat yakap, halik, at ngiti, ng isang ina, matatagpuan ang kahulugan ng tunay na pagmamahal, ito ay magpapatunay na ang isang ina ay kayang mag-alaga, at magbigay ng proteksyon sa kanyang anak. Ang pag-aalaga niya ay hindi lamang pangako kundi isang pangunahing bahagi ng kanyang pagkatao. Sa maikling kuwento na ito matutunghayan ang pagmamahal ng isang Ina sa kanyang anak. Makikita ang pagsasakripisyo ng isang ina para sa kanyang anak, mawalan man ng karapatan bilang isang ina, hindi kailanman nagatubili na sumuko ang ina, kung kayat mas nangibabaw ang kanyang pagmamahal sa kanyang kaisaisang anak.

Ang konseptong ito ay may kaugnayan sa pahayag ng isang tauhan na si Salud na kung saan makikitaan ng isang pagmamahal bilang isang ina sa Landas ng Bahaghari:

> *"Ang malalaki niyang bisig ay nakayakap sa katawan ng bata, binibigyang-init ang kalamnan nitong nakabuyangyang sa lamig ng gabi, at maya't maya'y ilalapit niya ang kanyang mukha sa anak at hahagkan ito sa pisngi, "Doon tayo tityra, anak. Ikaw at ako. Tayong dalawa lamang!*

Ang pagkakaroon ng mga anak ay kahanga-hanga. Ang pagiging Ina ay isang natatanging at walang kapantay na karanasan sa buhay na walang Ina na magbabago para sa anumang bagay sa mundo. Ngunit, sa kabila ng lahat ng mga kagalakan na dinadala sa atin ng pagiging Ina, alam din natin iyan na ang pagiging isang babae at isang ina ay hindi kailanman naging isang madaling gawain, ito ay ayon kay Bunzendahl (1). Sa pamamagitan ng teoryang Imahismo upang ipahayag ang kalinawan ng imaheng salita na nagbibigay ng eksaktong paglalarawan base sa ideya.

Ang pagmamahal ng isang ina ay isang napakalalim at matibay na uri ng pag-ibig, ito ay isang walang katapusang dedikasyon at pangangalaga para sa kanyang anak. Ang isang ina ay handang magbigay ng buong pagmamahal at sakripisyo para sa kanyang pamilya. ang kanyang pag-aalaga at pag-unawa ay nagbibigay ng

katiyakan at kaginhawahan sa kanyang mga anak. Sa kabila ng mga pagsubok, ang pagmamahal ng isang ina ay nagbibigay ng lakas at inspirasyon sa kanyang mga anak na harapin ang buhay nang may pag-asa at determinasyon.

**Masipag.** Ang kasipagan ng isang ina ay hindi lamang nakikita sa mga malalaking gawain kundi pati na rin sa mga maliit na bagay na nagpapakita ng kanyang pagmamahal at pag-aalaga para sa kanyang pamilya at sa anak. Ang isang ina ay isang kahanga-hangang aspekto ng kanyang pagkatao na naglalarawan ng kanyang masigla at matiyagang pagganap sa mga responsibilidad bilang ina. Sa akda ni Benjamin Pascual na may pinamagatang Landas ng Bahaghari mababanaag ang pagiging masipag ng isang ina sa kuwentong ito, bagamat hindi naging madali ang kanyang buhay bilang isang ina, wala sa kanya ang sumuko sa buhay ng sa gayon makapiling manlang ang kanyang nag-iisang anak. Makikita rin ang naging buhay ng isang ina sa kuwento lahat ng mga utos, pag-alila sa kanya taglay pa rin ang kanyang pagkakaroon ng kasipagan hindi lang bilang isang ina kundi bilang isang babae na ninanais na makamtan ang kaginhawaan sa buhay.

Sa konseptong ito makikita ang naging pahayag ng isang ina sa kuwentong Landas ng bahaghari na mapapatunayan din na sa kabila ng mga pagod at pagsubok sa buhay pinili niya parin ang maging matapang at magsipag upang mahagkan ng lubusan ang anak:

> *"Walang maaaring maglayo sa iyo sa akin, anak. Magbubungkal ako ng lupa dahil sa iyo, magpapaalila ako dahil sa iyo, ngunit ako ang tatawagin mong ina."*

Ayon nga sa pag-aaral ni Valdez (1), ang mga ina ay tanglaw at nagbibigay ng liwanag sa bawat tahanan ninuman. Ang pagiging Ina ay walang hanggang responsibilidad habang sila ay nabubuhay. Bukod tangi ang kanilang aruga at sakripisyo para sa kanilang mga pamilya. Sa ating mga tagumpay maging sa ating mga kasawian ang ating mga ina ang huli nating kanlungan. Sa kanilang pugad na pagmamahal doon ay napapawi ang bawat sakit na ating nadarama. Gagamitin ng manunuri ang teoryang imahismo upang malaman ang ibig sabihin ng imaheng nagamit na masipag sa kuwentong ito. Ang masipag na ina ay isang mapagkalingang bahagi ng pamilya na laging handang magtrabaho nang masikap upang mapanatili ang kaginhawaan ng kanyang pamilya. Ang kanyang kasipagan ay naglalarawan ng kanyang matibay na dedikasyon sa pag-aalaga sa kanyang mga anak at pagtatrabaho nang maayos upang maitaguyod ang kanilang pangangailangan. Sa kabila ng mga hamon ng buhay, ang masipag na ina ay nagbibigay ng halimbawa sa kanyang anak sa pamamagitan ng pagpapakita ng determinasyon, tiyaga, at pagmamahal.

## 4. Lagom ng mga Natuklasan at Konklusyon

Ipinahayag sa bahaging ito ang mga nahukay, nasuri, at konklusyon sa isinagawang pagsusuri sa akda ni Benjamin Pascual na pinamagatang "Landas ng Bahaghari". Sa naging resulta nitong pagsusuri ay naglunsad ng kasagutan sa layunin nitong pag-aaral. Ang ina ay nagbibigay-katangian ng isang mapagmahal, mapanagot, at masipag na tao na nagbibigay ng gabay at pagmamahal sa kanyang pamilya. Sa likod ng pang-aabuso, at kawalan ng karapatan ng isang Ina, hindi tinalikuran kailanman ang kanyang anak. Kaya naman, hanggat mayroong karapatan ay kinakailangan na ipaglaban, dahil walang sinuman ang makapapantay sa pagmamahal at kayang ibigay o isakripisyo ng isang ina para sa kanyang supling. Sa maikling kuwento ng Landas ng Bahaghari ni Benjamin Pascual, matutunghayan ang mga iba't ibang pang-isyung panlipunan na nararanasan ng isang tauhan sa kuwento. Ang pagmamahal ng isang ina ay tulad ng ilaw, nagbibigay liwanag sa dilim at nagpapainit sa puso. Sa walang katulad ng pagmamahal ng isang ina, handa siya isakripisyo ang lahat lahat para lamang sa anak. Anumang mga pagsubok ang pinagdaanan, diskriminasyon man iyan, pang-aabuso, kawalan ng karapatan bilang isang ina, hinding hindi siya kikilas bilang isang ina sa kanyang anak. Sa maikling kuwento na isinulat ni Benjamin Pascual na may pinamagatang Landas ng Bahaghari masisipatan ang mga naging layunin sa pagsusuring ito, katulad ng isyung panlipunan na nakapaloob ang pang-aabusong sekswal, diskriminasyon, at ang isyung karapatang pantao. Sa kuwento ay binusisi rin ang imahen ng isang ina sa kuwento ng Landas ng Bahaghari. Isinaalang-alang din ng manunuri ang ginamit na teorya sa pananaliksik na ito, katulad ng realismo,

feminismo, at ang imahismo na kung saan makakatulong sa pagsipat o pagsuri ng maikling kuwento. Ang resulta ng sinuri na ito ay natanto na ang nilalaman ng akda ay mula sa mga layunin nito katulad ng isyung panlipunan sa akda, pang-aabusong sekswal, diskriminasyon, isyung karapatang pantao at ang imahen ng isang ina sa lipunang Pilipino. Sa pagsusuri nasumpungan dito ang karapatan ng ina sa mismong anak ay naghahangad ng kaginhawaan sa kanilang dalawa sa kabila ng mga hamon na kinakaharap ng isang ina.

Ang maikling kuwentong "Landas ng Bahaghari" ay sumasalamin sa mga karaniwang suliranin sa pagsasama ng mag-ina at anak at kung papaano ipaglaban ng ina ang kanyang mismong anak. Sa kuwentong ito, hindi man naging madali ang naging proseso ng isang ina upang lumaban at tumayo sa sariling mga paa, sa kalaunan hindi niya naisip kailanman ang sumuko nalang sa buhay, bagkus sinikap niya ng maigi ng malagpasan ito at masungkit ang inaasam-asam na kaginhawaan tungo sa landas ng bahaghari na kung saan naroon ang mapayapa na buhay na matagal ng inahangad ng isang ina. Binibigyang-pokus din ang pagsusuring ito ang mga bagay o makukuha na ideya para sa mga mambabasa at makamulat sa kanilang isipan partikular na ang pang-aabuso, kawalan ng karapatan bilang Pilipino, at pagdidiskrimina bilang isang babae. Ang manunuri ay nilalayon na makapagbigay kaalaman para sa lahat, at kabatiran para sa mga naging resulta ng pagsusuring ito sa kanila.

## 5. Kongklusyon

Matapos ang mapanuring sa akda, ang mga sumusunod ay ang mga natuklasan ng manunuri.

- Isyung panlipunan sa akda. Bawat tao ay may kinakaharap na problema. Karamihan nawawalan ng boses para sa karapatan nila. Maraming isyu sa lipunan na ang iba'y hindi pinagtutuunan ng pansin, bagkus, pinagsasawalang bahala lamang. Katulad ng isang pangaabusong sekswal na sumasalamin sa isyung na naglalarawan ng anumang uri ng hindi kanais-nais o masamang pagtrato sa isang tao batay sa aspekto ng kanyang seksuwalidad. Ang diskriminasyon naman na kakikitaan sa kuwento na masasalamin din sa lipunan ay nagaganap kapag mayroong hindi patas na pagtrato o pagbibigay ng masamang kahulugan sa isang tao at ang pagdidiskrimina sa itsura. Itunuon din ng pansin ang manunuri ang isang isyung karapatang pantao na patuloy na isinasaalang-alang ang ganitong isyu sa lipunan, malaki rin ang naging epekto sa ganitong uri, sa maikling kuwento matutunghayan ang kawalan ng karapatan bilang tao at isang ina sa mismong anak niya.

- Imahen ng isang Ina sa Lipunang Pilipino. Sa maikling kuwento matutunghayan ang pagiging isang ina ng isang tendera, matutuklasan din ang iba't ibang imahen bilang ina sa kuwentong ito at kung papaano niya nakamit ang isang kaginhawaan sa kabila ng mga pinagdaanan na hamon niya sa kanyang buhay lalong lalo na sa pagiging ina. Sa imahen ng isang ina, bubungad sa lahat ang karakter ng isang ina sa kuwentong ito, siya ang magsisilbing inspirasyon ng lahat sa likod ng kanyang mga sakripisyo, mga sugat na kailanman walang makakapawi kundi ang kanyang nag-iisang anak lamang.

***Rekomendasyon -*** Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay nabuong rekomendasyon: Una, kinakailangan isakatuparan ng iba pang pagsusuri sa mga akdang pampanitikan na pagninilay-nilay ng iba't ibang suliraning panlipunan. Pangalawa, sa pamahalaan, bigyang pansin ang pang-aabusong sekswal, pagkakaroon ng sapat na trabaho sa bawat isa. Pangatlo, gumawa ng pagplaplano sa pagsulong ng iba pang mga programa na tutugon sa problemang pang-isyung panlipunan lalo na sa kahirapan. Pang-apat mahalaga ang pagpapatibay ng batas at ng mga programa na ukol sa mga karapatan ng isang ina laban sa mapang-abusong asawa at lipunan. Panghuli, magtakda ng iba pang pagsusuri sa akdang pampanitikan na replektibo ng mga aktwal na pangunahing kaganapan sa lipunan, kaakibat sa pagsusuri sa katotohanang panlipunan na taglay ng bawat akda. Dagdag pa, hinihikayat rin ng manunuri na magkaroon ng patas sa ating lipunan, patas na pagtratrato sa kapwa tao, at bigyang atensyon ang isang ina o pamilya na magsagawa ng proteksiyon para sa kanila.

**6. Sanggunian**

Agcaoili, Trina. "Panggagahasa O Sexual Assault." Filipino: Grade 10, 31 Jan. 2019, https://panggagahasa.home.blog/2019/01/15/panggagahasa/

Altarez, Mavel Marie S. "PANANALIKSIK_GROUP_4.docx." Scribd, https://www.scribd.com/document/448346990/PANANALIKSIKGROUP-4-docx

Bunzendahl, Jasmin. "Babae at Ina, Higit Sa Iniisip Mo." Madres Hoy, 8 Mar. 2018, madreshoy.com/tl/babae-at-ina-higit-pa-sa-iniisip-mo. https://madreshoy.com/tl/babae-at-ina-higit-pa-sa-iniisip-mo/

Bayanib, J. "Sanhi at Epekto ng Diskriminasyon sa mga LGBTQ sa kompyansa sa Sarili ng mga Piling Mag-aaral ng Ibayiw INHS. Institute of Basic Medical Sciences, KMU Peshwar. 2020. https://www.coursehero.com/file/55603666/GR-10-THESIS-GASdoc/

Cheetah, Major. "Mga Pananaw at Saloobin ng mga Solong Ina: Malalim na Pag-unawa Batay sa Tunay na Buhay." Don Honorio Ventura Technology State University. 2020. https://www.coursehero.com/file/71545910/SOLONG-INAPANANALIKSIKpptx/

Dizon, Carl Joshua Aguila, et al. "Ang mga pananaw ng mga tauhan ng mcl tungo sa karahasang sekswal." ResearchGate, Mar. 2018, https://doi.org/10.13140/RG.2.2.17227.11041.

Miguel, J. D. "Kritikal na Sanaysay, BabaeKasi." Far Eastern University. Studocu, 2013. https://www.studocu.com/ph/document/far-easternuniversity/medical-technology/kritikal-na-sanaysay-babaekasi/10511877

Oxide, Justice. "Epekto ng Kahirapan sa Antas ng Pag-aaral sa Pilipinas." Coursehero.2021. https://www.coursehero.com/file/92577744/FILIPINO -RESEARCH-FRESHMEN-1docx/

Studypool Homework Help - Karapatang Pantao. www.studypool.com/documents/5245490/karapatang-pantao. Valdez, View All Posts by Alaicamae. "Kadakilaan Ng Ina Sa Anak." Kadakilaan Ng Ina Sa Anak, 9 Jan. 2019, https://kadakilaannginasaanak.wordpress.com/2019/01/06/kadakilaanng-ina-sa-anak/

Tulfo, Ben. 'Panghihipo' (1)."Philstar.com, 17 Aug. 2011, www.philstar.com/opinyon/2011/08/17/717176/panghihipo1?fbclid=IwAR1loBXez04HZ_xf9IHu9hD_jOv8f5Ixodvtj37d5l_C5ulhUG sW2CpUVU

Valdez, View All Posts by Alaicamae. "Kadakilaan Ng Ina Sa Anak." Kadakilaan Ng Ina Sa Anak, 9 Jan. 2019, https://kadakilaannginasaanak.wordpress.com/2019/01/06/kadakilaanng-ina-sa-anak/